Migrants Assistance Committee

MANUAL

Inilabas ng MIGRANTE INTERNATIONAL
Nobyembre 2010

MAC MANUAL

IInihanda ang manual na ito bilang panimulang gabay ng Migrants Assistance Committee (MAC), ang komiteng nangangasiwa ng Rights and Welfare Assistance Program ng Migrante International.

A. Mga Batayang Prinsipyong Gabay sa Gawain ng Migrants Assistance Committee

Paglingkuran ang Sambayanan. Ang serbisyo at tulong na ibinibigay natin sa mga OFWs at kanilang pamilya ay bahagi ng ating layunin at pagkilos upang mabago ang lipunan. Importanteng tumimo ito sa mga volunteers at staff ng MAC dahil ito ang nag-iiba sa atin sa iba pang mga grupo na nagsasabing tumutulong sa mga OFWs at pamilya nila. Ito rin ang siyang magtatakda ng pangkalahatan at partikular na kondukta natin sa pagtugon sa mga kasong inilalapit sa atin ng mga OFWs at kanilang pamilya.

Sabihin pa, dapat na maging malinaw na ang pagtatanggol natin sa kapakanan ng mga OFWs ay mahigpit na nakakawing sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa tunay na panlipunang pagbabago.

Ang serbisyo at tulong ay panandalian o pansamantala lamang. At nakadepende pa ito nang malaki sa inabot nang kakayanan, rekurso at network ng Migrante mismo. Mas mahalaga pa ang kahandaan at kagustuhan ng mga OFWs na igiit ang kanilang karapatan sa kabila ng mahirap na paglaban. Samantala'y daan-daang libo pa ang nangangailangan ng tulong mu;la sa higit 10 milyong OFWs na nakakalat sa iba't ibang panig ng mundo.

Walang katapusan ang mga suliranin, at marami na sa mga ito ay paulit-ulit lang.. Kaya naman kung naghahanap ng tunay na kalutasan kinakailangang maiugnay ang kasalukuyang kalagayan ng mga migrante at pamilya sa mga pundamental na problema ng lipunang

6. Buuin ang inisyal na pagsusuri at rekomendasyon sa biktima. Iharap ang mga options at kurso ng aksyon sa kanila. Kunin ang kanilang palagay dito.
7. Batay sa desisyon ng ng humihingi ng tulong, magplano ng aksyon kasama ang biktima.
8. Gawin agad ang mga endorsement letters sa mga concerned na government agencies.
9. Bigyan ng KYR ang biktima.
10. Imbitahang sumapi sa Migrante
11. Huwag kalimutang bigyan ng mga contact numbers at email ng Migrante ang biktima
12. Isulat sa papel ang instructions para sa humihingi ng tulong.

2. Kinakailangang ipa-blotter ng asawa ang kanyang asawa na tumatanggi nang magsuporta.
3. Payuhan ang babaeng magtungo sa Public Attorney's Office (PAO) sa kanyang munisipyo upang makahingi ng legal assistance para sa pagsasampa ng kasong VAWC (Republic Act 9262).
4. Kapag naisampa na sa piskalya ang naturang kaso at mayroon nang docket number, lumiham sa employer ng respondent upang ipaalam sa kanila na may kasong nakasampa laban sa lalaki.
5. Magpetition din sa DOJ sa pamamagitan ng Bureau of Immigrations para sa hold departure ng respondent. Sa ganitong paraan kapag bumalik na ang respondent sa bansa at hindi siya muling makakalabas hanggang hindi niya hinaharap ang complainant.
6. Kung contract worker ang respondent, mainam ding pumunta sa POEA upang isama sa watch list ang lalaki.
7. Ang hold departure order at ang pagsasama sa watch list ay maaari lamang kung nakasampa na sa piskal ang kasong VAWC.

C. Case Intake at Preliminary Counseling

1. Agad na magpakilala sa biktima o pamilya at itanong kung anong tulong ang hinihingi mula sa atin
2. Hayaang magkwento ng bahagya ang biktima o pamilya upang magkaroon tayo ng panimulang pag-alam sa kanilang kaso.
3. Pagsagutin ng case form ang humihingi ng tulong at tiyakin sa kanila ang confidentiality ng impormasyong kanilang ibibigay. Gabayan sila sa pagsasagot ng form
4. Pagawain din sila ng maikling salaysay. Gamitin ang gabay sa salaysay.
5. Pagkatapos ang mga ito ay baybayin ang case form at salaysay kasama ang humihingi ng tulong. Itanong ang ilang impormasyon na nakaligtaang ilagay sa case form at ilahad sa salaysay. Gamitin ang blangkong papel sa likod ng case folder para sa mga karagdagang impormasyon, at mga rekomendasyon ng naghandle ng kaso,

Pilipino. Kailangang ugatin ang problema mismo sa sariling bayan. Ang mga migranteng Pilipino ay kabilang sa milyun-milyong sobrang lakas paggawa ng isang lipunang laganap ang kawalan ng lupa at trabahong may nakabubuhay na sahod. Habang kaliwa at kanan ang pangangamkam ng mga lupang sakahan at matinding militarisasyon sa kanayunan, wala ring puknat ang malawakang kontraktwalisasyon at tanggalan sa trabaho. Ang mga kondisyong ito ang nagtutulak sa mga Pilipinon na maghanap ng trabaho sa ibang bansa para lamang mabuhay. Ngunit pagdating sa mga bansang pinupuntahan hindi paraison kundi kalbaryo ang kanilang dinadatnan.

Dahil sa di maampat na pang-ekonomiya at pampulitikang krisis, umaabot na sa 4,500 na kababayan natin ang lumalabas araw-araw. Ang katotohanang ito ang siyang dahilan kung bakit parami din ng parami ang bilang ng mga OFWs na nalalagay sa delikadong kalagayan sa ibayong dagat. At dahil iniluluwas sila bilang mga kalakal, walang pakialam sa karapatan at kagalingan nila ang gobyerno habang sila ay nasa labas ng bansa. Sa ngalan ng dollar remittance mula sa dugo at pawis ng mga OFWs, libu-libong OFWs ang kasalukuyang stranded, minamaltrato at nakakulong sa ibayong dagat.

Ang pangaraw-araw na pasanin ng mamamayan kagaya ng pagtaas ng mga pangunahing bilihin, langis at iba pang bayarin, kawalan ng serbisyong panlipunan ay dagdag na pasanin para sa mga kababayan natin sa ibang bayan. Ang pinaghirapang pera na ipinapadala nila sa Pilipinas ay lalong lumiliit ang halaga katumbas ng kakayanang itaguyod ang kanilang pamilya. Anuman ang gawin ng mga migrante gutom,at kahirapan ang inaabot ng nakararami.

Kaya hanggat hindi nagbabago ang bulok na sistemang panllipunan, wala ring maaasahang pagbabago sa kalagayan ng mga OFWs.

Bigyang Halaga ang Kagalingan ng Masa. Ang bulto ng mga kasong hinahawakan ng MAC ay mula sa mga OFWs at pamilya na pinagpasa-

pasahan na, at pinaasa ng mga ahensya ng gobyerno. Mula sa mga liblib na probinsya sila ay nangungutang ng pamasahe patungo sa mga sentrong lunsod upang ihingi ng tulong ang kanilang mga problema. Subalit tanging mga hungkag na pangako ng mga ahensya ng gobyerno ang kanilang bitbit pauwi.

Kung kaya naman sa unang pagkakataon pa lamang na sila ay makakausap natin, kailangang iparamdam natin sa kanila na sinsero tayo sa ating pagtulong. Bagama't karaniwan ay sala-salabat at kumplikado ang mga isyung inilalapit sa ating tanggapan. Tandaan natin na mula sa pinakasimple hanggang sa pinakakomplikadong problema ng masang OFW ay sikapin nating bigyan ng maagap at karampatang aksyon.

Kaalinsabay, ipaunawa rin sa masa na may limitasyon ang ating mga serbisyo at programa.upang huwag silang umasa nang sobra sa kakayanan ng ating organisasyon. Pinakamahusay kung sila mismo ay gagampan ng volunteer work sa MAC o magpapasa ng mga kakilala o kaalyado na makakatulong sa mga programa.

Imulat, Pakilusin at Organisahin ang Masa. Habang puspusan nating hinaharap ang mga kasong idinudulog sa atin, hindi dapat kalimutang ipaunawa sa mga biktima na higit na mahalaga ang sarili nilang pagkilos. Malaki ang papel ng kanilang pagkilos para sa ikapananalo ng kanilang mga kaso. Nandiyan tayo para umalalay, gumabay, makiisa subalit ang pagkilos nila ang mapagpasya. Hindi dapat mangyari na maako natin ang pagkilos o umasa na lamang sa atin ang masa.

Ang lakas ng masa ay nasa kanilang pag-oorganisa. Mula sa kalagayang watak-watak, natitipon ang kanilang lakas, ang kanilang mga karaasan, at ang kanilang mga katangian. Puhunan nila ito para makalaban nang isang kolektibo at para mabilis ding mabigyan ng direksyon ang kanilang pagkilos. Hindi iisang ahensya ng gobyerno ang tumiklop sa militanteng paglaban ng mga OFWs laluna't marami silang nagmamartsa o nakatipon sa labas ng mga opisina..

sila sa ganitong sitwasyon dahil sa kriminal na pagpapabaya ng gobyerno sa kanila. Inaabot ng sintensyang bitay ang ating mga kababayan dahil sa kawalan ng legal assistance mula sa gobyerno. Kung hindi tanging interpreter ang kasama, humaharap na mag-isa sa hearing ang mga kababayan natin sa ibang bansa.

Kategorikal na sinabi ng OUMWA na hindi sila nagbibigay ng abugado sa mga kababayan nating may kaso kung wala ito sa death row.

PROCESS:

1. Kagyat na i-endorse ang kaso sa OUMWA at sa Assistance to Nationals Unit/Section (ANU/ANS) ng Embahada.
2. Ilinaw ang hangganan at limitasyos ng serbisyong ating ibinibigay—pilitin ang gobyerno na regular na mag-ulat sa pamilya at magbigay ng legal assistance.
3. Kilalanin ang case officer na hahawak ng nasabing kaso.
4. Nangangailangan ng personal na pagdulog ng kamag-anak ng OFW sa mga ganitong kaso, pagbitbitin sila ng endorsement letter mula sa atin.

7.FAMILY SUPPORT

Isa sa pinakamalaki at mapaminsalang epekto ng sapilitang migrasyon ng ating mga kababayan ay ang pagkakahiwalay ng pamilyang siyang batayang yunit ng lipunan. Mas pinalala ito ng pagkawasak ng mga relasyon sa pagitan ng mga mag-asawa.

Ito ay nagbubunga ng pag-abandona ng responsibilidad ng asawa sa kanyang pamilya. Sa mga ganitong kaso, karaniwang ang babae ang naiiwan upang solong balikatin ang responsibilidad ng pagtataguyod ng pamilya. Bagama't ang mga ganitong kaso ay itinuturing nating usaping mag-asawa at limitado ang tulong na kaya nating ibigay, tinitiyak natin na mabigyan ng wastong gabay ang mga nais maghabol ng suportang pinansyal para sa pamilya

PROCESS:

1. Pakuhanin ng Certificate of Indigency ang asawa sa kanyang barangay.

2. Repatriation of Human Remains. Maging ang pagpapauwi ng bangkay ng mga kababayan natin ay inaabot ng matagal na panahon.
3. Repatriation of Stranded. Sila ang mga kababayan nating tapos na ang kontrata ngunit ayaw pauwiin ng kanilang employer, nasa mga Shelter at Embahada kasama na yung mga gusto nang umuwi ng Pilipinas

PROCESS

1. Agad na i-endorse sa Office of the Undersecretary for Migrant Workers Affairs (OUMWA) ng DFA ang kaso. Kinakailangang personal na magtungo sa punong tanggapan o Regional Office ang next of kin (NOK) ng OFW upang pormal na makapagsampa ng request.
2. Magpadala din ng request sa Repatriation Assistance Division (RAD) ng OWWA.
3. Kung dokumentado ang OFW, magpadala ng sulat sa Repatriation Assistance Unit (RAU) ng POEA. Ipadala din ang sulat sa recruitment agency ng OFW.
4. I-endorse din ang request sa Philippine Embassy.
    a. Kung ang OFW (maliban sa HSW) ay nasa employer pa, i-attention ang sulat sa Labor Attache ng POLO (Labatt).
    b. Kung ang OFW ay nasa deportation, shelter o opisina ng agency o bahay ng employer (sa kaso ng HSW), i-attention ang sulat sa Assistance to Nationals Section (ANS) at sa Welfare Officer (Welof) ng Embahada.
    c. Sa kaso ng pagpapauwi ng bangkay, i-attention sa ANS ang sulat.

6.DEATH ROW/ JAILED

Sa kasalukuyan ay humigit kumulang sa 250 kababayan natin ang nakapila sa bitayan habang mahigit sa 7,000 naman ang mga nakakulong sa iba'-ibang panig ng daigdig. Ang masaklap, humahantong

Napakaraming bilang ng mga biktimang OFWs at pamilya na lumalapit sa atin, gayundin sa iba't ibang balangay ng Migante sa buong mundo. Nagsisimula ang mga ito bilang mga indibidwal na kaso. Subalit madalas ding ang kaso ay sumasaklaw ng mas malaking bilang ng OFWs tulad ng mga stranded o biktima ng isang illegal recruitment agency. Kapag sila ay ating natipon at naorganisa, hindi lamang ito magpapabilis sa kasong inilalaban kundi natututo ang masa sa halaga ng organisasyon. Dagdag pa, maari din silang ma-engganyong makapagtayo ng mga balangay ng migrante at pamilya sa kanilang mga lugar.

Lahat ng ito ay majgkakaroon ng katuparan kung puspusan din ang pagmuimulat natin sa masa hindi lamang para sa kanilang mga karapatan at kagalingan ngunit higit pa sa pangangailangang lumahok sila sa panlipunang pagbabagp.

Makipagkaisa sa Pinakamarami. Maraming gawain ang serbisyo at pagtulong. Higit pa ang dami ng mga biktimang nangangailangan. Kung mananatiling maliit ang bilang natin sa MAC at hindi ito umuunlad o lumalawak nariyan parati ang posibilidad ng pagod o burnout sa mga istap at volunteers'

Kaya naman kailangang tumanaw ang MAC sa pagpapalakas ng alyansa at networking nito. Sa masa't alyado rin magmumula ang mga tauhan at rekurso nito. Dito mahalaga ang agresibong pagbubukas ng mga ugnay laluna sa hanay ng mga estudyante at propesyunal na maaaring pagkunan ng karanasan at volunteers sa counseling, paralegal, medical, at teknikal na mga pangangailangan. Kalangang planuhin at paghandaan ang training programs ng MAC kasabay ng pagpapalaganap nito ng impormasyon sa mga nagging gawain at tagumpay na nito sa nakaraan

Napakahalaga ng MAC sa gawain mismo ng Migrante kayat hindi matatawaran ang kontribusyon nito sa inabot ng pag-unlad ng pandaigdigang sentro at ng mga balangay nito..

B. Mga Karaniwang Kasong Inilalapit sa Migrants Assistance Committee

1. ADMINISTRATIVE CASE LABAN SA RECRUITMENT AGENCY

Hinihikayat na magsampa ng administrative case laban sa recruitment agency ang mga OFWs na:

1. Nagbayad ng placement fee na higit pa sa katumbas ng isang buwang sahod (salary deduction man o cash out).
2. Household service workers na siningil ng placement fee, na tinatawag din nating illegal exaction of fees (salary deduction man o cash out)
3. Nagbayad ng bayarin sa recruitment agency na walang kaukulang resibo.
4. Mga menor de edad na OFWs
5. Hindi tinupad sa abroad ang mga nakasaad sa kontratang nai-process sa POEA kagaya ng mga sumusunod:

a. employer
b. sahod
c. uri ng trabaho
d. accommodation
e. sick/vacation leave
f. iba pang benefits at allowances

6. Pinalitan ang kontrata na walang karampatang pagpapaabot at pag-apruba ng POEA.
7. Aplikanteng OFW ng isang recruitment agency na ayaw isauli ang travel documents dahil sa kung anupamang dahilan.

Sa mga OFWs na naging biktima na tutulungan natin upang makapagsampa ng kaso laban sa kanilang agency sa POEA, kailangang ilinaw natin ang mga sumusunod na mahahalagang punto:

1. Ang isinasampang kaso sa POEA ay upang mapatawan ng kaparusahan mula sa

mga benepisyong maaari nilang mapakinabangan. Sa kasalukuyan ay umiiral ang OWWA Omnibus Policies kung saan nilimitahan ang mga benepisyo ng mga miyembro nito. Pati ang pagiging miyembro ay itinali na rin sa status ng kontrata ng OFW.

Dahil hindi natin kinikilala ang OWWA Omnibus Policies, iginigiit natin na makakuha ng benepisyo ang OFWs sa OWWA na walang pagtatangi sa membership na itinakda ng OWWA Omnibus Policies. Kabilang dito ang mga sumusunod:

1. Repatriation- Repatriation Assistance Division (RAD)
2. Financial Assistance- NCR
3. Scholarship- NCR
4. Reintegration- NRCO/DOLE
5. Medical Assistance- NCR
6. Burial Assistance- NCR
7. Insurance- NCR

PROCESS:

1. I-endorse ang kaso ng OFW sa opisina ng OWWA Administrator o DOLE Secretary sa pamamagitan ng pormal na sulat.
2. Kinakailangang personal na magtungo ang OFW o beneficiary sa tanggapan ng OWWA upang makapag-file ng claim. Dalhin ang importanteng dokumento kagaya ng passport, birth certificate, marriage certificate, resibo ng OWWA at boarding pass (depende kung anong benepisyo ang nais na i-claim.
3. Magtakda ng araw ng pagfollow-up.

5.REPATRIATION

1. Rescue and Repatriation. Kapag ang OFW ay dumaranas na pangma-maltrato o abusong sekswal, kinakailangan na siyang sa pinakamadaling panahon ay maialis sa lugar na kanyang kinaroroonan.

Gayunpaman, dahil ito ay nangangahulugan ng tuwirang pagkakaso ng OFW laban sa recruitment agency, kinakailangan ng masinop na paghahanda. Hindi dapat na magpadaskol-daskol sa pagsasampa ng kaso. Binibigyan ng batas ng limang taon ang sinuman bilang palugit kung nais niyang magsampa ng kaso, mahigit pa sa sapat ang panahong ito upang maisaayos ang mga kinakailangang dokumento kagaya ng mga sumusunod:

- **a.** kumpleto at detalyadong salaysay
- **b.** OFW Information Sheet
- **c.** Agency Verification Form
- **d.** POEA approved contract
- **e.** PDOS Certificate
- **f.** Photocopy ng passport
- **g.** Resibo
- **h.** Payslip
- **i.** Certificate of Indigency
- **j.** At iba pang mga papeles na may kinalaman sa deployment at pagtatrabaho ng isang OFW.

Habang inihahanda ang mga ito, maaari na silang i-refer sa abugado na hahawak ng kanilang kaso.

PROCESS:

1. Bitbit ang OFW Information Sheet at Agency Verification Form, dalhin sa 1st Floor ng NLRC at magfill-out ng form.
2. Sabihin sa desk officer na idederetso na ang kasong ito ng docketing.
3. Tandaan ang petsa ng hearing.
4. Sa yugtong ito, di pa nangangailangan ng abugado ngunit kinakailangang nakahanda na ang notaryadong salaysay ng biktima at ang mga dokumento. Dahil matapos ang 3 mandatory conferences ay kinakailangan nang isumite ang position paper ng nagsampa ng kaso ganun din ang respondent.

4.OWWA BENEFITS

Sapilitang pinagbabayad ng OWWA Membership Fee na katumbas ng US$25 ang mga OFWs. Sang-ayon sa pamahalaan ay kapalit ito ng

pagmumulta, suspensiyon o kanselasyon ng lisensya ang recruitment agency maging ang foreign employer ng OFW.

2. Ang maaari lamang i-claim sa POEA ay ang halagang in-overcharge sa OFW.
3. Sa mga ilang pagkakataon ay nag-aalok ng settlement ang may kasong agency o kaya naman ay isinasauli ang halagang in-overcharge. Kaagad na pinapipirma ng quitclaim at desistance ang OFW na nagsasaad na wala nang anumang habol ang OFW sa kanyang recruitment agency. Kailangang mabigyan na mahusay na oryentasyon ang biktima dito. Dahil ito ang nagiging madalas na dahilan sa dismissal ng monetary claim cases sa NLRC.

PROCESS:

1. Kinakailangang kumuha ng OFW Information Sheet sa 6th floor ng POEA. Magpresenta lamang ng ID at photocopy ng passport. Ang OFW Information Sheet ang buod ng kontratang inaprubahan ng POEA. Dito nakalagay ang pangalan ng OFW, recruitment agency na nagpaalis sa kanya, katangian ng trabaho, sahod, tagal ng kontrata at employer.
2. Kumuha ng Agency Verification Form sa 4th floor upang malalaman ang kalagayan ng recruitment agency na nagpaalis sa OFW kung ito ay suspended o good standing.
3. Pumunta sa Legal Division na matatagpuan din sa 4th floor upang magfill-out ng form para sa kaukulang kasong isasampa laban sa agency. Ang nagsasampa ng kaso ay papayuhang idaan sa conciliation process ang reklamo. Ngunit dahil sa mahabang karanasan natin na kung saan binabarat lamang ang OFW sa loob ng conciliation, pinapayuhan nating ideretso na ito sa docketing.
4. Ang Docketing Section ay matatagpuan sa 3rd floor. Duon ipasa ang lahat ng mga papeles at tandaan kung kailan ang schedule ng hearing at kung sino ang hearing officer.

2.CANCELLATION OF LOAN

Karaniwang problema ng isang maga-abroad ang napakataas na napakaraming bayarin sa pag-aaplay. Maliban sa mga singilin ng gobyerno kagaya ng NBI Clearance, Pasaporte, OWWA Membership,

kinakailangan pang balikatin ang napakamahal na medical examination fee at siyempre ang placement fee.

Kadalasan, mga OFWs papuntang Taiwan, Singapore, Hongkong at South Korea ang nabibiktima ng napakalaking placement fee. Dahil hindi naman nila kayang bayaran ng cash ang kanilang inutang na nagkakahalaga ng P50,000- 100,000, inire-refer sila sa kasabwat na lending agency. Pagkatapos i-process ang utang ay pagbubukasin sila ng account sa isang bangko at duon naman papipirmahin ng mga blangkong tseke. Sa ganitong sistema, walang kawala ang OFW na napilitang mangutang kundi pondohan ang mga tseke sa pamamagitan ng pagdedeposito ng pera sa account dahil kung hindi ay tatalbog ito at maaari siyang makasuhan ng BP 22.

Kadalasan ay hindi man lamang nahahawakan ng OFW ang perang pilit na ipinautang sa kanya ng lending agency. Talagang tuso ang laganap na sindikatong ito na sa tiyak na pagkabaon sa utang dinadala ang kawawang OFW.

Lumalaki ang isa nang malaking problema kapag natanggal sa trabaho ang nangutang at napilitang umuwi sa Pilipinas. Dahil wala namang trabaho, tuluy-tuloy ang paglaki ng utang dahil sa napakalaking interes na ipinapataw ng lending. Dagdag pa ang harassment maging sa mga co-makers.

Sa mga ganitong kaso, kinakailangang maging malinaw ang dalawang bagay:

a. Ang Household Service Workers ay hindi dapat sinisingil ng placement fee, maging cash man o salary deduction. **Ang paniningil ng placement fee o illegal exaction of fees ay porma ng illegal recruitment.**

b. Ang anumang halagang siningil sa OFW bilang placement fee na sobra sa kanyang isang buwang sahod ay illegal. **Ang paniningil ng sobrang placement fee o overcharging ay porma ng illegal recruitment.**

Malaking problema itong kinakaharap ng OFWs lalo pa nga at panay naman ang paghuhugas kamay ng POEA sa usapin ng lending agencies na kasabwat ng mga recruitment agencies na naniningil ng napakataas na placement fee. Sa mahabang karanasan natin sa paghawak ng

ganitong tipo ng kaso, bagama't naisasauli sa OFW ang halagang siningil, nananatiling napakalaki ng kanyang pagkakautang sa lending agency.

PROCESS

1. Kung patuloy ang harassment ng lending agency, ipablotter ito sa barangay at sa pulis. May "pagkakautang" man ang isang tao, hindi nito binibigyan ng karapatan ang pinagkakautangan para i-harass siya.
2. Magsampa ng kasong illegal recruitment sa Anti-Illegal Recruitment Task Force na matatagpuan din sa POEA sa porma ng overcharging o illegal exaction of fees. Huwag kalimutang isama sa respondent ang lending agency.
   Kinakailangang maayos na maiugnay ang lending agency sa krimen ng recruitment agency. Dapat na maipakita na naging indispensable accessory ang lending agency sa krimen.
3. Ang illegal recruitment ay nagiging large scale kapag 3 o higit pa ang nabiktima nito, at ito ay walang piyansa.

3.MONETARY CLAIMS

Sa paninigin ng RA 8042 maging ng RA 10022 ang local na recruitment agency ang tumatayong employer ng isang OFW. Kung kaya ang repatriated OFW na nais magclaim ng mga sumusunod sa kanyang foreign based employer ay sa recruitment agency maaaring maningil sa pamamagitan ng pagsasampa ng monetary claims sa National Labor Relations Commission (NLRC)

- **a.** unpaid wages
- **b.** underpaid wages
- **c.** unexpired portion of contract
- **d.** other benefits
- **e.** moral damages